GRADE VI

# MGA LIKAS NA YAMAN NG BANSANG PILIPINAS

## ALAMIN MO

Subukin mong tukuyin ang mga likas na yaman ng bansa sa larawan.



*Ano-ano ang nakita mo sa larawan?*
*Saan-saan mo nakikita ang mga larawang ito?*
*Bakit may mga puno? Saan nagmula ang mga isda?*
*Saan nagmula ang ating mga kinakain?*

*Ang tawag sa mga ito ay ang mga likas na yaman ng bansa. Kasama ang mga likas na yaman sa teritoryo ng Pilipinas. Ito ang mga yamang likas sa kapaligiran na pinagkukunan ng ikabubuhay ng ating mga mamamayan.*

Sa modyul na ito matutukoy natin ang mga likas na yaman na matatagpuan sa iba't ibang pook ng bansa.

Handa ka na ba?

## PAGBALIK-ARALAN MO

Natatandaan mo pa ba ito? Subukin mo ngang punan ng mga salita ang “graphic organizer” na ito.

**TOPOGRAPIYA NG PILIPINAS**

| ANYONG LUPA | ANYONG TUBIG |
|---|---|
| 1. ____________________ | 1. ____________________ |
| 2. ____________________ | 2. ____________________ |
| 3. ____________________ | 3. ____________________ |
| 4. ____________________ | 4. ____________________ |
| 5. ____________________ | 5. ____________________ |
| 6. ____________________ | 6. ____________________ |
| 7. ____________________ | 7. ____________________ |

## PAG-ARALAN MO

Basahin mo ang maikling tula sa pahina 3.

BAYANG SINILANGAN

I

Bayang sinilangan, may likas na yaman
Na hango sa akin nitong kalikasan
Sa kaparangan man at sa kabundukan
Ang kasaganaa'y siyang natatanaw

II

Ang payapang dagat, ilog, talon, batis
Tila kristal sa ganda at linis
Kalinisan at kalusugan
Sa yamang tubig maasahan

III

Dalawang uri ng mineral
Ang metal at di-metal
Ginto, bakal at iba pa
Kabuhayan, sasagana.

IV

Tiwangwang na lupa'y pinagtataniman
Ng binhing malusog na pang-agdong buhay
Mataba ang lupa ng lupang sakahan
Kaya't umuunlad itong kabuhayan

*Nagustuhan mo ang tula? Ano ang isinasaad ng tula?*
*Saan daw tayo sagana?*
*Ano-anong likas na yaman ang nabanggit sa tula?*

Magaling! Tama lahat ang iyong mga sagot.


May inihanda akong grapiko na dapat mong suriin. Simulan mo nang basahin.

YAMAN NG BANSA

| SA GUBAT | SA TUBIG | MGA MINERAL | SA LUPA |
|---|---|---|---|
| punongkahoy | isda | metal | niyog |
| dipterocarp | hipon | ginto | abaca |
| bulaklak | coral | karbon | tubo |
| molave | alimasag | pilak | tabako |
| pine | perlas | bakal | gulay |
| hayop | kabibe | chromite | mais |

Ang mga nakatalang yaman sa grapiko ay ilan lamang sa mga likas na yaman ng bansa.

Tingnan mo ang mga larawan sa ibaba.



Ito ang yamang gubat. Ang yamang gubat ay isa pa ring mahalagang likas na yaman. Maraming dolyar ang naipapasok ng mga produkto mula sa kagubatan tulad ng troso, kahoy, dagta o katas na ginagamit na panangkap sa mga gamot, pabango, pomada at langis ng buhok.


May matataas na uri ng kahoy ng bansa katulad ng narra, apitong, kamagong, ipil, lawan, yakal at tindalo na bantog sa ibang bansa.

Malaki rin ang nagagawa ng mga gubat sa pagsugpo sa baha at paghadlang sa malakas na hangin. Sinisipsip ng mga ugat ng mga puno sa gubat ang tubig-ulan kaya hindi ito umaagos sa mga kapatagan. Sa gayon naiiwasan ang pagbaha.



Sa panrehiyong lawak ng kagubatan, ang Palawan ang may pinakamataas na bahagdan ng kagubatan.  Pumapangalawa ang Mindanao at ang Visayas ang may pinakamaliit.


May mahuhusay na uri ng kahoy sa kagubatan.  Ito ang dipterocarp.  Ang mga halimbawa nito ay ang tangile, apitong, lawan, yakal, guijo at manggachapui.



Sumunod ang Punong Molave.  Ito ay matatagpuan sa kanlurang bahagi ng Pilipinas.  Kabilang sa pamilya nito ang narra, tindalo, dao at ipil.  Ginagamit ito sa paggawa ng mga cabinet at iba pang kasangkapan.



Ang Pine ay matatagpuan sa Hilagang Luzon at Mindoro. Ang dalawang mahalagang uri nito ay ang pino at tapulaw. Ginagamit ito sa pagpapatayo ng bahay at sa pagmimina sa Lalawigang Bulubundukin.




Ginagamit ito sa magagaang na konstruksyon bilang panggatong, at sa paggawa ng uling. Sa ibang lugar ang nipa na dahon ng sasa ay ginagamit na pambubong at sa ibang pagkakataon naman ay ginagawang tuba na isang uri ng maiinom.

*Ano ang naitutulong ng yamang gubat sa kabuhayan ng mga mamamayan?*

*Ano ang nagagawang tulong ng yamang kagubatan sa pamumuhay ng bawat tao?*

*Ano-ano ang uri ng punongkahoy na matatagpuan sa kagubatan?*

Tingnan mo naman  sa larawan sa ibaba ang mga yaman ng tubig.



Biniyayaan ang ating bansa ng saganang pinagkukunan ng tubig. Nagmumula ang mga pang-ibabaw na tubig sa mga ilog, batis at look. Ang masaganang pang-ilalim ng lupang tubig ang tumutustos sa pangangailangan sa tubig ng mga tahanan at higit sa lahat, ng mga pook rural.


Matatagpuan sa mga ilog, lawa, dagat at sapa ng Pilipinas ang iba't ibang uri ng isda, perlas kabibe at iba pang pagkaing dagat. Ang pinakamalaking isda ang tinatawag na balyenang pating o pating bulik at ang pinakamaliit na isda naman sa daigdig ay Pandaca Pygmea. Matatagpuan ito sa Lawa ng Buhi, Camarines Sur. Ang pangunahing pagkain ng mga Pilipino ay kanin at isda. Pinagkikitaan ito ng mga Pilipinong naninirahan sa mga baybaying pampangisdaan tulad ng Estancia, Iloilo, Orani, Bataan, Binangonan, Rizal at Navotas, Metro Manila.

Ang mga suso at kabibe naman ay matatagpuan sa mga dagat at lawa na bukod sa nakakain ay ginagawa ring mga palamuti sa katawan tulad ng kuwintas, pulseras at hikaw.

*Saan-saang anyong tubig matatagpuan ang iba't ibang uri ng isda?*

*Ano ang pinakamaliit na isda sa daigdig? Saan ito matatagpuan?*

*Ano-ano ang pangunahing pagkain ng mga Pilipino*?



Ang mga larawan sa itaas ay mga halimbawa ng Yamang mineral. Isa ang Pilipinas sa mga bansang mayaman sa pinagkukunan ng mineral. May dalawang uri ang yamang mineral – Metal at Di-Metal.

Ang mga metal na mineral ay chromite, tanso, ginto, bakal, lead, manganese, mercury, tingga at zinc. Binubuo naman ng asbestos, barite, hilaw na materyal para sa semento, luwad, carbon feldspar, guano, gypsum, apog, marmol, sulpur, petroleum, natural gas at buhanging silica ang mga di-metal na yamang mineral ng bansa.

Alam mo ba na ang Pilipinas ay isa sa sampung nangungunang prodyuser ng ginto at chromite? Ang pinakamalaking deposito ng Nikel ay nasa pulo naman ng Nonoc, Surigao. Ang may pinakamalaking deposito ng chromite ay matatagpuan sa Zambales. Ang marmol naman ay sa Romblon. Ang guano ay matatagpuan sa mga yungib sa Cotabato, Zambales, Palawan at Cebu.

Noong 1993, may natagpuang deposito ng natural gas sa Maguindanao na kapag nalinang nang mabuti ay maaring makatustos ng enerhiya ng Mindanao.

*Ano uri ng metal kilala sa pagkakaroon ng napakalaking deposito sa Pilipinas?*

*Ano-ano ang dalawang uri ng Yamang Mineral?*

*Saan Matatagpuan ang malaking deposito ng ginto at pilak?*

*Kayamanan din ba ito ng Pilipinas? Bakit?*




Ito naman ang yamang lupa. Isa sa pinakamahalagang likas na yaman ng bansa ang malawak na lupa. Batayan ito ng kaunlarang pambansa. Dito nakasalalay ang buhay ng tao, mga halaman at hayop. Sa kabuuang lawak ng lupain ng Pilipinas na tinatayang umaabot sa 300,000 kilometro kwadrado, 28.3 bahagdan nito ang binubuo ng mga sakahan.

Bukod sa mga lupang pansakahan ng bansa, may mga lupa ring pangkomersiyo, pantirahan, pampalaruan at panlibangan.

Maraming uri ng pananim ang pinatutubo rito na kadalasan ay nagbibigay ng masaganang ani dahil sa matabang lupa at magandang klima. Hindi lamang ang kapatagan ang ginagamit na taniman ng mga magsasaka. Ang mga gilid ng bundok ay tinataniman din tulad ng Hagdan-hagdang palayan ng Ifugao, mga Talampas ng Bukidnon at Batangas. May pakinabang din tayo sa mga lupang malapit sa ilog na may matabang lupa at mga lambak tulad ng Lambak Trinidad sa Benguet.

Makikita mo sa mapang pangkabuhayan ang iba't ibang produkto ng yamang lupa sa iba't ibang lalawigan.



Matapos mong maunawaan ang iyong aralin, makakaya mo na bang tapusin ang grapikong ito?

**Yaman ng Bansa**

| Sa Lupa | Sa Tubig | Mga Mineral |
| --- | --- | --- |
| ▪ ____________ | ▪ ____________ | ▪ ____________ |
| ▪ ____________ | ▪ ____________ | ▪ ____________ |
| ▪ ____________ | ▪ ____________ | ▪ ____________ |
| ▪ ____________ | ▪ ____________ | ▪ ____________ |
| ▪ ____________ | ▪ ____________ | ▪ ____________ |

*Saan-saang rehiyon makikita ang pangunahing produkto ng bansa tulad ng niyog, asukal, saging at palay? Gamitin ang mapang pangkabuhayan.*

*Ano ang maidudulot ng mga produktong ito sa kabuhayan ng bansa natin? Bakit?*

## PAGSANAYAN MO

Matapos mong pag-aralan ang mga likas na yaman, sagutin mo ang sumusunod na tanong?

*Ano-ano ang likas na yaman ng bansa?*
*Ano-ano ang naitutulong nito sa ating pangkabuhayan?*
*Mga yamang likas sa kapaligiran ang pinagkukunan ng ikabubuhay ng isang bansa. Paano mapakikinabangan ng isang bansa ang mga likas na yaman na ito?*
*Ano sa palagay mo ang mga kahalagahan ng mineral sa tao?*

Dahil sinasabing ang likas na yaman ang pinagkukunan natin ng kabuhayan ano ang magagawa mo upang mapaunlad mo ang mga ito? Simulan mo sa sumusunod:

A. yamang lupa
B. yamang tubig
C. yamang mineral
D. yamang kagubatan


## TANDAAN MO

- *Ang mga likas na yaman ng bansa ay binubuo ng yamang lupa, yamang kagubatan, yamang mineral at yamang tubig. Ito ay nagdudulot ng kapakinabangan sa mamamayan nito.*

## ISAPUSO MO

Natukoy mo na ang likas na yaman ng bansa. Nalaman mo na rin ang lugar kung saan ito matatagpuan. Bilang isang mamamayan, ano ang gagawin mo sa mga likas na yaman na iyong napag-aralan?

Narito ang larawan ng punongkahoy, larawan ng caravan at bangka at isulat mo sa loob ang mga yamang likas na dapat mong pangalagaan at pagyamanin.





## GAWIN MO

Tunghayan mo muli ang Mapang Pangkabuhayan.

Tukuyin kung saang lugar matatagpuan ang mga yamang matatagpuan sa iba’t ibang lalawigan ng bansa sa mga datos na nakatala sa tsart.

| Likas na Yaman | Pook na Katatagpuan |
|---|---|
| 1. tubo<br>2. palay<br>3. pinya<br>4. saging<br>5. deposito ng chromite | |



## PAGTATAYA

Tingnan mo muli ang Mapang Pangkabuhayan.  Tukuyin kung anong mga produkto ang makukuha mo sa bawat rehiyon.

1. NCR ____________, ____________, ____________,
2. Rehiyon 4 ____________, ____________, ____________,
3. Rehiyon 10 ____________, ____________, ____________,
4. CAR ____________, ____________, ____________,
5. CARAGA ____________, ____________, ____________,

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Tunghayan mo muli ang mapang pangkabuhayan sa bahagi ng modyul.

Iguhit mo ang mga produktong nakukuha sa lugar ninyo at kulayan ang bawat isa.

Sumulat ng isang maikling talata tungkol sa inyong pamayanan.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.